



“Pagbabakal na Pagpapatibay para sa Konstruksiyon at Dugtungan”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan


Mga trabaho sa pabrika

(1) May maraming panganib sa pabrika (mga planta ng pagpoproseso)!

Maraming aksidente rin ang nagaganap sa panahon ng operasyon ng pagpoproseso.

Ipaalala sa sarili na ang malubhang pinsala ay dahil sa pagpapagana ng makina!

Kaya ingatan ang iyong sarili, huwag kaligtaan ang pag-inspeksiyon bago magsimula para hindi magkaroon ng aksidente.



Tiyakin ang maayos na naitali ang alambre.

Pag-inspeksiyon ng mga pang-sling na alambre o kable

* Maaaring mapigtas ang alambre! Tiyakin ang kondisyon ng alambre at ng anggulo ng pagbitin!



1. 10% o higit pa ng mga alambre ay nababali sa isang pagpilipit
2. Alambreng may diyametro na pinaliit ng higit sa 7%
3. Nabuhol na alambre
4. Ang mga may malaking pagkawala ng porma o kalawang
5. Alambre na may napinsalang mata
6. Alambreng nawala sa porma o nabitak sa pamamagitan ng mga kadena o clip
7. Mga kadenang ang haba ay pinahaba ng higit sa 5% ng dating haba

(2) Ang pagpapanatili ng kalinisan at kasinupan ay nagpapataas ng kahusayan sa trabaho at pinapababa ang mga aksidente!

Ayusin natin ang lugar para mahusay na makapagtrabaho nang walang pinsala!

Aktibidad ng Pag-uuri-uri, Pagsisinop, Paglinis at Kalinisan

Pag-uuri-uri

Ihiwalay ang mga kailangan at hindi kailangan, at tanggaling ang mga hindi kailangan at hindi apurahang bagay.

Pagsinop

Itabi ang mga kailangan mo sa nakalaang lugar at ihandang gamitin.

Kalinisan

Ipagpatuloy ang pag-uuri-uri, pagsisinop, paglilinis at pagpapanatili ng kalinisan.

Paglinis

Maglinis at linisin ang dumi at basura, at alamin ang mga problema.

(3) Kaso 1: Aksidente sa trabahong pagmamakina



Sitwasyon ng kaganapan


Habang naghihinang ng maliit ang diyametrong pampatibay na bakal, natapakan ng biktima ang mga pampatibay na bakal na nasa sahig, pagkatapos gumulong ang mga bakal at natumba siyang hawak-hawak ang mga bakal sa kanyang balikat.

Ang pampatibay na mga bakal ay hindi naitali ng pantaling alambre, at madaling gumulong dahil sa lantay na materyal (diretsong bakal).

Mga bagay na susundan

1. Kapag naglalagay ng mga lantay na materyales (diretsong bakal) sa sahig, tiyaking itali ang mga ito para maiwasan ang paggulong ng mga ito.
2. Huwag ilagay ang anumang mga materyales sa daanan.

(4) Kaso 2: Aksidente sa trabahong pagpoproseso



Sitwasyon ng kaganapan

Noong pinulot ng biktima ang isang naputol na piraso na nahulog sa sahig, pinulot niya ito, at naumpog ang kanyang likod sa mesa para sa pagpoproseso.

Namaluktot siya sa makitid na lugar at nagposisyon sa alanganing posisyon para damputin ang bagay. Hindi niya sinuri ang mesa para sa pagpoproseso, at agarang tumayo.

Mga bagay na susundan

1. Huwag mag-abot sa makitid na lugar.
2. Gumamit ng magnet o magic hand para pulutin ito, at huwag magposisyon sa alanganing posisyon.
3. Palaging suriin ang posisyon ng mga materyales at worktable para maiwasan ang kontak sa katawan.
4. Magtrabaho nang panatag.

(5) Kaso 3: Aksidente sa trabahong pagpoproseso



Sitwasyon ng kaganapan


Habang nagbabaluktot gamit ang isang manu-manong bending machine ng re-bar, naipit ang leather na guwantes sa roller at nasugatan ang kamay ng biktima.

Nasanay na siya sa kanyang trabaho, at nasobrahan ang kumpiyansa at nagkulang ng pagpansin sa kanyang mga kamay. Maluwag ang mga guwantes. Hinawakan niya ang re-bar nang malapit sa isang roller.

Mga bagay na susundan

1. Ituon ang iyong pansin at huwag maging kumpiyansa kapag nagtatrabaho nang paulit-ulit.
2. Magtrabaho nang nakasuot ng kinakailangang kagamitang pamproteksyon.
3. Kunwaring naipit ka, tingnan ang bahagi na iyong hahawakan.

(6) Kaso 4: Aksidente sa trabahong pagpoproseso



Sitwasyon ng kaganapan

Habang tinatanganan ang bungkos ng mga re-bar gamit ang crane, hinahawakan noon ng biktima ang mga materyales sa isang kamay at ginagamit ang remote control sa isang kamay, at nagkamaling nalagas ang mga materyales.

Ang remote control na ginagamit noong sa isang kamay habang tangantangan ang mga materyales sa isang kamay. Napindot niya ang operation button nang hindi sinusuri ang mga button dahil abala siya sa mga materyales.

Mga bagay na susundan

1. Gamitin ang isang remote control gamit ang dalawang kamay hangga't maaari, ay pindutin ang mga button para kumpirmahin ang posisyon.
2. Huwag kailanman na gagawa ng anumang bagay habang may mga ginagawang iba. Itutok ang isipan sa paggamit ng remote-control.
3. Dapat na tanggalin ng dalawang tao ang mga mahahabang bagay.

(7) Kaso 5: Aksidente sa trabahong pagpoproseso



Sitwasyon ng kaganapan

Pagkatapos na baluktutin ng dalawang tao ang malalaki ang diyametro na rebar, sinubukan ng biktima na ibaba ang nabaluktot na materyal at nasugat ang kanyang kamay ng matulis na gilid ng rebar.

Simple ang trabaho at ang dami ng imamakina ay malaki, na siyang dahilan para mag-apura siya. Nakalimutan niya ang tulis ng re-bar, at nawala ang kanyang atensyon. Sa kalagitnaan ng tag-araw, ang temperatura sa pabrika ay mataas at kanyang itinutupi ang kanyang mga manggas.

Mga bagay na susundan

1. Paigtingin ang iyong atensiyon at iwasan ang pag-aapura kapag may ginagawa kang bagay na simple at nakasanayan na.
2. Isiping ang pinagputulang gilid ng re-bar ay matulis na tulad ng blade.
3. Huwag itupi ang mga manggas sa maiinit na araw ng tag-araw.
4. Inirerekomendang magsuot ng takip ng likod ng kamay at pulsuhan na napakabisa.

(8) Para maiwasan ang mga pinsala sa pabrika (mga planta ng pagpoproseso) (Buod)

-  Suring mabuti ang mga pang-sling na alambre at sa anggulo ng pagbitin!
-  Ang aktibidad ng Pag-uuri-uri, Pagsisinop, Paglinis at Kalinisan ay kailangang rin sa pabrika! Ipatupad ang aktibidad na ito!
-  Maglagay ng daan sa trabaho at huwag tapakan ang mga materyales!
-  Huwag isuot ang kamay sa mga masisikip na lugar!
-  May maraming kasong naipit ang mga guwantes (cotton na guwantes sa trabaho) sa isang makina, kaya mag-ingat!
-  Sa pagpapagana ng crane, itutok ang atensiyon sa operasyon at paandar sa posisyong walang problema kahit na mag-idayog ang kargamento!
-  Napakatulis ng gilid na pinagputulan ng re-bar! Magtrabaho nang batid ang paghawak ng mga blade!!

Habang nagtatrabaho sa site, madalas na nakakalimutan ng mga tao na sila ay nagtatrabaho sa mapanganib na lugar. Madaling nasasanay ang mga tao sa kanilang mga kapaligiran. Palaging tandaan na nagtatrabaho kang malapit na malapit sa panganib.